Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-10 NG MARSO, 2004, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ............ | PANG.PUNONG BAYAN |
| Kgg. Florencio C. Odejar | | Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ............ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ............ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ............ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ............ | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ............ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ............ | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ............ | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ............ | Kagawad |
| | ............ | Kagawad – SK |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ............ | Kagawad – ABC |

KAPASIYAHAN BLG. 076-T'04

*KAPASIYAHANG SINUSUPORTAHAN ANG KAPASIYAHAN BLG. 16-T'2004 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN JOSE NA IPAABOT SA KGG. PUNONG BAYAN DOMINGO G. PANGANIBAN ANG KANILANG KAHILINGAN NA MABIGYAN NG MGA KAGAMITANG KAILANGAN SA PAGPAPAGAWA NG DALAWANG (2) BASKETBALL BOARD PARA SA PALARUAN NG SITIO EVERLASTING AT CADENA DE AMOR NG NABANGGIT NA BARANGAY.*

*SAPAGKA'T,* may kahilingan ang Brgy. San Jose sa pamamagitan ng Kapasiyahan Blg. 16-T'2004 na humihiling ng mga kagamitan para sa pagpapagawa ng dalawang basketball board para sa palaruang sakop ng Sitio Everlasting at Cadena de Amor ng nabanggit na barangay.

*SAPAGKA'T,* malaking tulong at pakinabang ito sa mga kabataan o manlalaro para sa larong basketball upang magamit ang kanilang panahon sa paglalaro sa halip na maibaling sa masamang bisyo o droga.

*KUNG KAYA'T DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Edgardo T.Porca, Florencio C. Odejar at Ricardo B. Ramirez at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na suportahan ang Kapasiyahan Blg. 16-T'2004 ng Sangguniang Barangay ng San Jose na ipaabot sa Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban ang kanilang kahilingan na mabigyan sila ng dalawang (2) basketball board para sa palaruan ng Sitio Everlasting at Cadena de Amor ng nabanggit na barangay.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, *Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sang. Brgy.* ng San Jose, *lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.*

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
*Tagapangulo*

*PINAGTIBAY:*

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan